

# Pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong sa Central West

Ang Gobyerno ng Victoria ay lumilikha ng higit sa 75,000 ektarya ng mga bagong parke at reserba sa central kanluran ng Victoria, kabilang ang tatlong mga bagong pambansang parke.

## Panggatong na kahoy sa Victoria

**Ang mahalaga, ay mayroong patuloy na mga oportunidad para sa pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong na sumusuporta sa mga lokal na pamayanan sa central west ng Victoria.**

Sa Victoria, maaaring kolektahin ang mga kahoy na panggatong para sa lokal na paggamit sa hinirang na mga pampublikong lupain na lugar na maaaring manguha habang nasa panahon ng taglagas at tagsibol.

Ito ay mahalaga sa mga lokal na pamayanan at doon sa mga nakadepende sa kahoy na panggatong bilang kanilang pangunahing pinagkukunan ng init.

Habang ang panggatong na kahoy ay libreng kunin, ito ay isang limitadong mapagkukunan, at maaari lamang itong kolektahin sa mga itinalagang site, kung saan ito ay balanse sa iba pang mga halaga ng kagubatan, biodibersidad at kulturang pamana.

## Mga lugar para sa pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong sa Central West

Ilan sa mga lugar ay kasalukuyang magagamit para sa pangunguha sa lokal na kahoy na paggatong ay maaapektuhan ng ilang mga pagbabago na ginawa sa mga paggamit ng pampublikong lupain. Gayunpaman, ay walang inaasahang epekto sa supply sa susunod na dalawang taon.

Patuloy na magagamit ang lokal na kahoy na panggatong mula sa itinalagang site sa mga protektadong kagubatan. Patuloy pa rin na magagamit mula sa itinalagang site sa karamihan sa mga bagong panrehiyong parke hanggang sa Hunyo 2029.

Magagamit pa din ang lokal na panggatong na kahoy bilang isang kakambal na produkto ng mga gawain sa pamamahala ng kagubatan (hal. Peligroso na pag-aalis ng kahoy para sa layunin ng kaligtasan at mga operasyon sa pangkalusugan ng kagubatan).

Ang inayos ang palikha sa iminungkahi na mga pambansang parke upang payagan ang para sa komersyal na pag-aani ng troso sa ilang mga lugar na kasalukuyang protektadong kagubatan bago ang pagsasama sa mga parke. Sa mga lugar na ito, ang pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong (mula sa mga itinalagang site) ay maaari pa rin hanggang sa ang lugar ay maisama sa mga parke.



Environment,  
Land, Water  
and Planning

## Bahagi ng Wellsford

Ilan sa mga karagdagan sa pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong sa Bendigo Regional Park ay magagamit mula sa itinalagang napili na mga site upang mapabuti ang kaayusan ng ekolohiya ng kagubatan, hanggang sa Hunyo 2029.

## Bahagi ng Wombat-Macedon

Ilan sa mga karagdagan na pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong sa apat na mga bagong panrehiyong parke at panrehiyong parke ay maaari hanggang sa Hunyo 2029.

Ang pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong mula sa itinalagang mga site ay maaari pa rin sa mga lugar kung saan pinahihintulutan ang komersyal na pag-aani ng troso, bago ang mga lugar na iyon ay kasama sa bagong Wombat-Lerderderg National Park.

## Bahagi ng Mount Cole-Pyrenees

Ang pinanatili ang bahagi ng Cole–Pyrenees sa 11,901 ektarya ng protektadong kagubatan kung saan maaaring manguha ng lokal na panggatong na kahoy mula sa mga itinalagang site.

Ang pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong mula sa mga itinalagang site ay maaari pa rin sa lugar kung saan pinapayagan ang komersyal na pag-aani ng troso bago ang mga lugar na iyon ay isinama sa bagong Mount Buangor at Pyrenees National Parks.

Ang pangunguha sa lokal na kahoy na panggatong (mula sa mga itinalagang site sa planong pag-aani) ay maaari pa rin sa Pyrenees Regional Park hanggang sa dalawang taon.

## Alternatibong mga opsyon sa enerhiya at suporta para sa mga lokal na pamayanan

Mayroong programang inilagay sa lugar ang Gobyerno ng Victorial upang suportahan ang paglilipat sa mga opsyon ng alternatibong panustos ng enerhiya na makakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Mula sa Hunyo 2021 ang Home Heating and Cooling Upgrades Program (Programang Pag-Ugrade ng Pampaini at Pampalamig sa Bahay) ay magbibigay ng isang nakabatay na diskuwento sa \$1,000 tungo sa gastusin sa pagbili at pagpapakabit ng isang mataas na kahusayan sa sistema ng pagpapainit at pagpapalamig.

Kung saan kakaunti ang supply ng kahoy na panggatong, maraming mga programa sa Gobyerno para sa mga gumagamit ng kahoy na may mababang kita ay maaaring magkaroon ng pag-access para sa pampinansyal na tulong sa mga gastusin sa panggatong. Karagdagang impormasyon ay magagamit sa: <https://www.ffm.vic.gov.au/firewood/energy-concession-and-support>

Upang suportahan ang mga gumagamit ng kahoy na panggatong sa hinaharap, magsasagawa ng malawakang pananaliksik ang Gobyerno ng Victoria sa pangangailangan para sa lokal kahoy na panggatong at mga limitasyon sa panustos. Ang pananaliksik na ito ay ipapaalam sa hinaharap ng lokal na pamamahala ng kahoy na panggatong sa Victoria.

Ang \$250 Power Saving Bonus (PSB) ay isang bigalaang bayad na \$2500 upang magbigay ng direktang suporta sa mga walang kakayahang sambahayan ng Victoria na nakararanas ng pagkaalintana sa bayarin sa elektrisidad dala ng sitwasyon ng coronavirus (COVID-19) pandemya.

Ang PSB ay magagamit sa mga taong nakakatanggap ng mga bayad sa ilalim ng mga sumusunod na programang kard na kaloob:

- Centrelink Pensioner Concession (Centerlink na Kaloob ng Retirado)
- Naghahanap ng Trabaho
- Allowance ng Kabataan
- Austudy (Kita na magagamit bilang bayad)
- Abstudy (Bayad na suporta sa aborihinal)
- Kagawaran na Konsesyon ng mga Beterano sa Usapin ng Pensiyon (Department of Veterans Affairs Pensioner Concession), o
- Department of Veterans Affairs Gold Card (Kagawaran ng mga Beterano sa Trabaho para sa Gintong Kard).

## Tungkol sa mga pagbabagong ito

Ang mga pagbabagong ito ay makikita sa Gobyerno ng Victoria bilang sagot sa pagsisiyasat ng Victorian Environmental Assessment Council's (VEAC's) sa Central West sa Pangwakas na Ulat at mga rekomendasyon.

Ang mga pagbabagong ito ay nagpapanatili sa ating pinakamamahal kapaligiran at mga yaman sa kapaligiran at abutin ang isang napapanatiling balanse na naglalayon upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga gumagamit, ngayon at sa hinaharap.

Maaring mahahanap mo ang sagot ng gobyerno sa aming [website](#).

Karagdagang impormasyon tungkol sa pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong ay magagamit sa <https://www.ffm.vic.gov.au/firewood/firewood-collection-in-your-region>



Kung kailangan mo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Translating and Interpreting Service (TIS) para sa tulong sa pagsasalin ng wika at pagbibigay kahulugan. Makipag-ugnayan sa TIS National sa 131 450 (sa loob ng Australia) o bumisita sa [www.tisnational.gov.au](http://www.tisnational.gov.au)